



\$450 na suporta sa pagsusuri para sa Coronavirus (COVID-19)

\$450 Coronavirus (COVID-19) testing support – Tagalog

Libreng pagsusuri para sa lahat

Ang pagsusuri para sa coronavirus ay **libre** sa lahat. Kabilang dito ang mga tao na walang Medicare card, gaya ng mga bisitang nagmula sa ibang bansa, mga migranteng manggagawa at mga naghahanap ng kanlungan.

Kung may mga sintomas ka ng coronavirus (COVID-19), dapat kang magpasuri.

Kung magpapasuri ka, makatanggap ka ng pinansiyal na tulong mula sa Pamahalaan ng Victoria

Pagkatapos ng iyong pagsusuri para sa coronavirus (COVID-19), dapat kang manatili sa bahay hanggang sa matanggap mo ang iyong resulta. Maaari ka lang lumabas ng bahay kung mayroong emergency. Hindi ka maaaring pumasok sa trabaho.

Kung nangangamba ka tungkol sa pagkawala ng kita mo sa trabaho habang hinihintay mo ang resulta ng iyong pagsusuri, maaari kang maging kuwalipikado upang tumanggap ng \$450 bilang suporta para sa coronavirus (COVID-19) mula sa Pamahalaan ng Victoria.

Ang suportang ito ay makukuha ng mga manggagawa na walang magagamit na pagliban para sa pagkakasakit. Kabilang dito ang mga pansamantalang manggagawa, kontratahang manggagawa, at ang mga manggagawa na naubos ang o wala nang pagliban para sa pagkakasakit.

Matatanggap ng sinumang nakatira sa Victoria ang suportang ito – hindi mo kailangan na maging mamamayan o permanenteng residente ng Australia para makatanggap ng suporta.

Kung ikaw ay kumpirmadong may coronavirus (COVID-19) o nakasalamuha ng isang tao na may coronavirus (COVID-19), kakailanganin mong mag-self-isolate nang mas matagal. At maaari ka ring makatanggap ng bayad na \$1500 para sa suporta.

Ibinibigay din ng Pamahalaan ng Victoria ang pinansiyal na suportang ito sa mga manggagawa na kailangang mag-alaga ng kanilang mga anak na sinabihang manatili sa bahay, maaari ka ring makatanggap ng suporta kung hindi ka makakapasok sa trabaho at mawawalan ka ng kita.

Para sa karagdagang impormasyon o para mag-aplay, tumawag sa hotline ng coronavirus sa 1800 675 398 o bumisita sa www.dhhs.vic.gov.au/covid-19-worker-support-payment.

For information in other languages, scan the QR code or visit DHHS.vic –Translated resources - coronavirus (COVID-19)
<<https://www.dhhs.vic.gov.au/translations>>



If you need an interpreter, call TIS National on 131 450

For any questions

Coronavirus hotline 1800 675 398 (24 hours)

Please keep Triple Zero (000) for emergencies only

To receive this document in another format phone 1300 651 160 using the National Relay Service 13 36 77 if required, or [email Emergency Management Communications <em.comms@dhhs.vic.gov.au>](mailto:em.comms@dhhs.vic.gov.au).

Authorised and published by the Victorian Government, 1 Treasury Place, Melbourne.

© State of Victoria, Australia, Department of Health and Human Services, 16 October 2020.

Available at <https://www.dhhs.vic.gov.au/translations>